Stanford MEDICINE
Health Care
Tri-Valley

**Notice of Behavioral Standards at Stanford Medicine (Tagalog)**

# Abiso tungkol sa Mga Pamantayan ng Pag-uugali sa Stanford Medicine

## Lugar kung saan may pagrespeto sa isa't isa

Bilang inyong partner sa pangangalagang pangkalusugan, napakataas ng mga pamantayan namin para sa aming sarili. Nangangako kaming tratuhin kayo nang may pagrespeto, katapatan, dignidad, at pagmamalasakit.

Hinihiling namin sa inyo, sa aming mga pasyente at sa inyong pamilya o mga bisita, ang inyong suporta upang panatilihin itong lugar kung saan may pagrespeto sa isa't isa. Hinihiling namin sa inyong tratuhin ang ibang tao nang may pagrespeto, katapatan, dignidad, at pagmamalasakit.

## Pagmamaltrato at Diskriminasyon

Ang Stanford Health Care ay lugar ng pagpapagaling. Ang pagmamaltrato ng at diskriminasyon sa mga kawani o provider ay hindi pinapayagan. Hindi ito pinapayagan sa personal, sa MyHealth, sa telepono, sa nakasulat na anyo, o sa anupamang sitwasyon. Kabilang dito ang anumang pag-uugali ng pasyente o bisita na:

- Nakakagulo sa ligtas na lugar
- Naglilimita sa mga kawani o provider sa pagbibigay ng pangangalaga sa pasyente
- Mapang-abuso sa sinumang kasama ng pasyente o sinumang nasa team ng pangangalaga
- Nagpapakita ng diskriminasyon o nagiging racist sa mga kawani o provider

## Mga Halimbawa ng Pagmamaltrato at Diskriminasyon

- Pagiging racist sa mga kawani o provider (halimbawa: mga microagression o bigotry)
- Diskriminasyon tungo sa isang tao batay sa kanyang pagkakakilanlan at pagpapahayag ng kasarian, sekswal na oryentasyon, lahi, relihiyon, edad, kapansanan, o iba pang katangian
- Pasalitang pang-aabuso (halimbawa: Panunukso, pagmumura, pangungutya, o pambabatikos)
- Emosyonal na pang-aabuso (halimbawa: Mga gawing nagdudulot sa mga kawani na maramdamang hindi sila ligtas o hindi komportable, o pag-stalk)
- Sekswal na pang-aabuso (halimbawa: Hindi gustong paghahawak o sekswal na pananalita)
- Mga nambabantang gawi (halimbawa: Pagbabagsak ng mga pinto, pagharang, paninigaw, o pambu-bully)
- Pisikal na pang-aabuso (halimbawa: Pananakit, paninipa, o pagdura)

## Ang tugon namin sa Pagmamaltrato at Diskriminasyon

Kapag may nangyaring pagmamaltrato at diskriminasyon, may team na magpapasya kung paano ito tutugunan. Ang anumang pagmamaltrato o diskriminasyon ay maaaring humantong sa mga parusang aabot sa at kinabibilangan ng:

- Pagsumbong ng pag-uugali sa iba pang miyembro ng kawani (halimbawa: Mga manager o opisyal ng seguridad)
- Pagpapaalis sa gusali

- Pagbabawal sa mga bisitang nagmamaltrato ng mga kawani at provider (halimbawa: Ang bisitang nagmamaltrato ng kawani ay hindi papayagang bisitahin ang pasyente)
- Pansamantalang pagpapaalis sa mga pasyente imbis na makatanggap sila ng pangangalaga, paggamot, o mga serbisyo (halimbawa: Ang mga pasyenteng nagmamaltrato ng mga provider ay hindi papayagang pumunta sa kanilang appointment)
- Pagbabawal sa pasyente na makatanggap ng pangangalaga sa mga outpatient clinic sa Stanford Health Care, maliban kung para sa mga pang-emergency na serbisyo.
- Pagtawag sa pulisya

## Ang hinihiling namin

Bilang pasyente ng Stanford Health Care, inaasahan namin kayo at ang inyong pamilya o mga bisita na:

- Isumbong ang anumang pagmamaltrato at diskriminasyong mapapansin o mararanasan ninyo, sa isang miyembro ng kawani o provider
- Tumulong na bumuo ng lugar kung saan may pagrespeto sa isa't isa
- Huwag magmamaltrato ng o magpapakita ng diskriminasyon tungo sa sinuman sa mga kawani, provider, o iba pa